

Ang Novelty Song Sa Pilipinas*

Fame Pascua, M.A.
New Era University

Panimula

Ang musika ay isang sining na bahagi ng kultura ng bawat tao o grupo ng tao. Ito ay nasa anyo ng pagkanta ng mga himig at liriko at/o pagtugtog ng mga musikal na instrumento na lumilikha ng mga tunog at himig. Ayon kay Delia Gamboa Besa sa kanyang sanaysay na “Contemporary Philippine Music” (1998), ang musika sa Pilipinas ay sinasalamín ang mayamang kulturang nag-uugat pareho sa katutubong pinagmulan at sa impluwensya mula sa labas, at gayundin sa resulta ng pag-aangkop dito at pagsasanib ng mga ito. Dahil dito, nauri ni Besa ang musika sa Pilipinas sa tatlo: (1) ang katutubo, (2) ang may impluwensyang Espanyol, at (3) ang may impluwensyang Amerikano.¹ Mapapansin na ang ganitong pag-uuri ng musika sa Pilipinas ay sinusundan ang tipikal na kronolohiya ng kasaysayan ng Pilipinas bagama’t ang uri ng musika ay hindi lamang nakakulong sa partikular na peryodisasyon. Maari itong magpatuloy o hindi, mangibabaw pa o hindi na (bagamat umiiral pa rin) sa partikular na panahon. Gayunpaman, hindi kumpleto ang ganitong pag-uuri ng musika sa Pilipinas (kung tuluyang ibabatay sa kronolohiya ng kasaysayan ng Pilipinas) dahil sa walang banggit sa kung ano na o paano natin tatawagin ang musika ng mga Pilipino pagkatapos ng kolonyal na panahon? Bagamat nagbanggit ng “contemporary Philippine music” si Besa sa pamagat ng kanyang artikulo hindi naman ito nagliwanag sa kung “ano” ito o ang kumakatawan dito bagkus tumalakay sa sitwasyon ng “contemporary music”—na sa kabuuan, unti-unti nang napapamayanihan ng mga Filipino—gayunpaman ay nahaharap pa rin sa mga suliranin.

Dahil sa nakitang kakulangan, ang pananaliksik na ito ay

*Ang papel na ito ay ipinresenta sa 3rd DLSU Arts Congress sa De La Salle University, Maynila noong 18 Pebrero 2010.

**Ang may-akda ay kasalukuyang mag-aaral sa pandoktoradong antas ng Philippine Studies Program sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Quezon City, at tagapagturo ng Kasaysayan sa New Era University, Quezon City.

¹ Sinasang-ayunan din ng sanaysay tungkol sa musika sa Pilipinas na nasa CCP Encyclopedia of Philippine Art vol.6: Philippine Music (Manila: CCP, 1994), 18.

nagsikap na makapagdugtong sa kasaysayan sa pamamagitan ng pagsagot sa kung ano nga bang uri ng musika o kanta ang maaring kumatawan sa musika ng kontemporaryong panahon sa Pilipinas. Dahil sa ang novelty song ang uri ng kanta ang sumikat at tuloy-tuloy na namalagi sa, at masasabing sagot sa katanungang ito, inalam din ang mga katangian at gamit ng novelty song sa lipunang Filipino.

Maikling Kasaysayan ng Musika sa Pilipinas

Sa panahong pre-kolonyal maaring sabihing ang mga umiral na uri ng kanta ay yaong mga ukol sa mga tipikal na gawain. Nariyan ang pag-awit habang nagtatrabaho sa taniman, naghahabi ng tela o naglalala ng basket. Nariyan rin ang pag-awit ng mga matatanda sa mga bata o kaya’y buong komunidad (Torralba, 2006) at iba pa. Samantala, sa kolonyal na Pilipinas sa ilalim ng mga Espanyol umiral ang kantang patungkol sa pag-ibig, ang Kundiman (Totanes, 1998) at mga kantang may kinalaman sa relihiyong Katoliko at Katolisismong pamumuhay at paniniwala (CCP, 1994). Nauso naman ang “popular music,” gaya ng kantang Jazz, kaalinsabay ng Kundiman, sa Pilipinas sa panahon na ito’y nasa ilalim ng mga Amerikano (Foronda, 1975). Matapos ang kolonyal na panahon, lalo noong dekada ’70, mga “Filipinized” ang popular na musika—pinoy rock, pinoy ballad, pinoy, pinoy pop, pinoy folk. Ang “novelty song” na itinuturing na “another trend in pinoy pop” ay nagsimula ring masumpungan sa matapos ang kolonyal na panahon (CCP, 1994). Bagamat may iba pang kaalinsabayang dayuhang kanta, ang mga nabanggit na uri ng kanta sa unahan ay ikonokonsiderang mga kantang kumakatawan sa bawat panahon nila, bagamat muli, ang musika o kanta ay hindi nakakulong sa isang peryodisasyon lamang. Kagaya na lamang ng novelty song na nakatawid mula dekada’70 hanggang kasalukuyan at maituturing na ring bilang isa sa mahalagang representante ng musika sa Pilipinas matapos ang kolonyal na panahon hanggang sa kasalukuyan. Isa pa sa magandang basehan ng para ituring na representante ng musika ng Pilipinas sa kontemporaryong panahon ang novelty song ay ang batay na rin sa sanaysay sa CCP Encyclopedia of Philippine Art noong 1994 kung saan mapapansing walang binanggit na pinangkopyahan o pinanggalingang sumikat na novelty song o

mang-aawit ng novelty song sa labas ng bansa ang konsepto ng novelty song sa Pilipinas nang magsimula (kumpara sa pinoy rock, pinoy folk, pinoy rap, at iba pa).

Lumitaw ang novelty song sa kasaysayan ng musika sa Pilipinas noong dekada '70 sa pangunguna ng novelty song singer na si Yoyoy Villame. Lumabas ang kanyang kanta na “Buchikik” at “Mag-Exercise Tayo” noong 1972 na itinuturing bilang patok na kanta nang mga panahong iyon. Si Villame ay tumanggap ng parangal para sa kanyang mga awiting bilang “Best Novelty” sa Awit Awards noong 1993 (Lucas, 1994) at tinagurian din bilang ‘King of Filipino Novelty Songs’ (Jorge, 2007).

Dekada '90 hanggang kasalukuyan, mas kilala ang kanta ni Lito Camo bilang mga novelty songs. Ang mga liriko ng novelty songs na pinasikat nina Willie Revillame, Bayani Agbayani, Angelica Jones, Ya Chang, grupong Sexbomb, Viva Hot Babes, JaBoom Twins, K and the Boxers, Maskulados, at iba pa ay kadalasang nilikha ni Camo. Itinuturing siya bilang “King of Novelty Songs” ng kasalukuyang panahon dahil na rin sa pagsikat ng bawat niyang gawa. Sa malabis na kasikatan, partikular ang kantang “Otso-Otso,” ay sinasabing “pambansang awit” na ito sa kalipunan ng mga batang Filipino (Ramos, 2005). Ang bandang Parokya ni Edgar at Kamikaze ay itinuturing ding tagapagtaguyod ng mga nakakatawang kanta na pinasimulan ni Yoyoy Villame (Jorge, 2007).

Mga Katangian ng Novelty Song

Bakit nga ba kumakanta ang mga tao? Sinasabi na “may aliw” sa pagkanta kaya ang tao’y kumakanta. Ayon sa aklat na “Aliw: Selected Essays on Popular Culture” ni Soledad Reyes (2000) may iba’t ibang klase rin ng aliw: (1)“aliw” bilang “acto consolar” o isang gawaing tumutulong upang maibsan ang hirap at sakit; (2)“aliw” bilang “kondisyon ng kalayaan;” at (3) “aliw” bilang “paglilibang” na karaniwang nakakabit sa konsepto ng “pahinga.” Kung ganito, maaring sabihing iba’t ibang klase rin ng aliw ang nakukuha natin sa pagkanta. Kung babalikan natin ang nabuong maikling kasaysayan ng musika sa Pilipinas ayon sa politikal na peryodisasyon ng kasaysayan ng bansa, maaring aplikableng sabihin na ang unang klase ng aliw, ang acto consolar, ang aliw

na nakukuha sa mga kanta noong pre-kolonyal na panahon. Samantala, ang ikalawang klase naman ng aliw, kondisyon ng kalayaan, sa kolonyal na panahon at ang ikatlong klase naman ng aliw, paglilibang/pahinga, ay matatagpuan sa mga kanta sa mga huling panahon ng kolonyal na panahon (pa rin) at sa panahon matapos nito dahil sa sinasabi ni Reyes na sa ikadalawampung dantaon nagkaroon ng konsepto ng “aliw” bilang “paglilibang” na karaniwang nakakabit sa konsepto ng “pahinga.” Magkagayon, magaan sa pakiramdam o masaya ang uri ng aliw na ito na nakukuha sa mga kanta sa ikadalawampung dantaon. Tumutugma ito sa aliw na nasa pinoy pop na sumikat partikular noong dekada '70 dahil sa ang “katatawanan” ay kadalasang natatamo dito, pangunahin sa pamamagitan ng paglalagay ng mga kolokyal na salita na kadalasang hindi makikita sa tradisyonal ng kantang Filipino (Japitana, 1992). Sinasabi pa nga na nakapagbibigay ang popular na musika ng kapahingahan dahil sa hindi ito mahirap [intindihin], maari itong pakinggan nang hindi nangangailangan ng matinding atensyon o kahit sa gitna ng distraksyon (Strinati, 1995). Sa novelty songs sa partikular, mapapansin ding madalas ay nakakatawa ito, dahil masasabing ang liriko nito ay may bahaging “biro” at bahaging “totoo.” Gayundin sa panahong ito na maingay ang kapaligiran at maraming kaabalahan, masasabing ang novelty song ay isa sa pinakamabilis sauluhin, intensyonal man o hindi, kahit ng batang paslit.

Ang salitang “novelty” ayon sa diksyunaryo ay nangangahulugang “new or unusual” at “the state or quality of being novel: newness” (Merriam-Webster, 1995). Samakatwid, maaring sabihin na ang “novelty song” ay nangangahulugang “bago o kakaibang kanta.” Ngunit sa bawat panahon ay may lagi namang may lumilitaw na bago na dahilan din kung bakit ito kakaiba. Masasabi na ba agad na ang kanta ay “novelty song” gaya ng pagkakilala natin sa kontemporaryong panahon?

Ang novelty song ay kategorisado sa ilalim ng tinatawag na “kulturang popular.” Ang kulturang popular ay tumutukoy sa anyong kultural (at nilalaman nito) na ipinakilala mula sa labas bago ito naging asimilisado patungo sa sensibilidad at sistema ng pagpapagahalaga ng mga tao [mga nasa loob] (Lumbera, 1984). Sa mga katangian ng kulturang popular sa kalahatan na ibinigay ni Rolando Tolentino sa kanyang aklat na “Sa Loob at Labas ng

Mall kong Sawi” (2001), halos lahat sa mga ito’y makikita sa isang novelty song. Aniya, ang kulturang popular ay ginagawa para sa kita; ipinalalaganap sa pamamagitan ng teknolohiya; nanggagaling, pangunahin, sa sentro, at iba. Bukod pa dito, sinasabi rin na ang produkto ng kulturang popular ay may katangiang ‘popular’ dahil ito’y sumasaklaw sa pinakamaraming bilang ng mga tao. At dahil dito, maaring ito’y nasa antas ng pambansa (Torralba, 2006). Ang mga katangiang ibinigay ni Tolentino ay bahagyang sumagot sa mga tanong na: bakit ginagawa, paano nakukuha, saan nanggagaling, at sinong tumatangkilik sa isang kulturang popular, gaya ng novelty song. Sa madaling salita, maaring sabihing “may lumilikha ng produkto ng kulturang popular, halimbawa ang novelty song, para sa motibo ng pagkita (paghahanap-buhay) at sumasaklaw ito sa pinakamaraming bilang mga tao mula sa sentro sa pamamagitan ng teknolohiya.”

Tunay nga na ang bawat indibidwal o pamilya ay bumibili ng teknolohiya para sa pansariling gamit o kapakanan. Nanonood tayo ng sine at telebisyon para maglibang, nakikinig tayo ng radyo sapagkat kailangan nating magrelaks (Reyes, 2000). Ang mga electronic appliances/ gadgets gaya ng radyo at telebisyon ay may teknolohiya, kinikilala rin ito bilang “daluyan” ng pangunahin, ng impormasyon, patungo sa mga tao—samakatwid, ang “mass media.” Sinasabi na ang mass media ang isa sa may pinakamalawak na impluwensya sa buhay ng mga Filipino sa kasalukuyan (Rivera, 2004) na pinangungunahan nga ng radyo at telebisyon. Gayunpaman, may iba pang responsable sa kung anong makikita o maririnig natin pagbukas ng teknolohiya—ito ang (1) industriya ng broadcasting, (2) industriya ng musika at showbiz, at maging (3) ang pamahalaan.

Nagsimula ang pagsasahimpapawid (broadcasting) sa Pilipinas noong Hunyo 1922 sa operasyon ng tatlong maliliit na estasyon ng radyo. Nagkaroon naman ng unang estasyon ng telebisyon noong 1953.² Nauna ang pagkakaroon ng pagsasahimpapawid sa radyo kaysa sa telebisyon. Gayunpaman, telebisyon ang mas tinangkilik ng mga Filipino na media (Rivera, 2004) sa kasalukuyang panahon dahil na rin sa naaakit nito hindi lamang isa sa ating sentido kundi dalawa—ang ating paningin (mata) at pandinig (tainga). Dahil

² Itinuturing ito (1922 at 1953) na pinakamaagang pagkakaroon ng broadcasting (radyo at telebisyon) sa Asya (Enriquez, 1998).

dito, madalas nating nasusumpungan sa telebisyon ang novelty songs at ito ay naipaparating sa pagsasanib-pwersa ng teknolohiya at industriya ng broadcasting.

Pero mahirap magbroadcast kung walang industriya ng musika at showbiz. Walang mai-e-ere kung walang gagawa o magtatanghal ng mga tugtugin at palabas. Ang industriya ng musika at showbiz ang may hawak o kinabibilangan ng mga personalidad na nagbibigay-buhay sa mga kanta para tangkilikin bukod pa sa kanta mismo, produksyon ng kanta, at iba pa. Sinasabi nga na may dalawang paraan upang itaguyod ang isang kanta, ang una ay sa pamamagitan ng artista at ang ikalawa ay sa pamamagitan ng tunog nito (Japitana, 1992). Ang ganitong pagtataguyod sa isang kanta gaya ng novelty song ay nagagawa sa pagtutulungan ng industriya ng musika at showbiz.

Ngunit kahit nariyan na ng pagtutulong-tulong ng teknolohiya, industriya ng broadcasting, musika at showbiz, hindi rin mahahatid ang novelty song at iba pang nilalaman ng mga radyo at telebisyon kung walang pahintulot o pag-uutos ng pambansang pamahalaan na siyang pinakamakapangyarihan sa ating bansa. Gaya na lamang ng nangyari noong 1987, alinsunod sa Executive Order No.255 sa ilalim ng pamahalaan ng dating pangulong Corazon Aquino, inobliga ang lahat ng estasyon ng radyo na may musikal na programa na magpatugtog sa loob ng isang oras ng kahit apat (4) na orihiginal na Filipinong musika/ komposisyon³ (Sarmiento, 1988). Sinasang-ayunan din ng Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB) na mabuting anyo ng ehersisyo ito para sa mga bata habang tinutularan ito mula sa telebisyon bagamat umaapela lamang sila na maghinay sa paggiling ang mga mananayaw nito (Cruz, 2003). Kung ganito, ang dami at uri ng tinatangkilik nating kanta sa radyo, novelty song man o hindi, o maging ang napapanood natin sa telebisyon ay binabasbasan at binabantayan ng pambansang pamahalaan.

Ang industriya ng broadcasting, industriya ng musika at showbiz, at pamahalaan ay karaniwang makikita sa mga sentro o urban na lugar—pambansang kabisera, kabisera ng mga lalawigan o mga lungsod—gaya halimbawa ng dalawang malalaking broadcasting corporations/ TV stations sa Pilipinas, ang ABS-

³ Kung tatantsahin sa pinakamahabang oras ng isang kanta na lamang minuto, lalabas na mayroong nakalaang 20 minuto para sa Filipinong kanta sa loob ng 60 minuto o 1/3 o 33.33% sa loob ng isang oras.

CBN at GMA, matatagpuan ito sa Quezon City. Nakaugnay din sa kanila ang karamihan sa mga artistang nasa larangan ng musika at showbiz. Samantala, ang luklukan ng pamahalaan sa Pilipinas ay sa Palasyo Malacanang na matatagpuan sa Maynila, kabisera ng Pilipinas, na may mga pamahalaang lokal din ito kung saan dumadaloy ang kapangyarihan at implementasyon ng batas gaya ng kapitolyo na nasa kabisera ng mga lalawigan na pawang mga sentro.

Binigyang-liwanag naman ni Imelda P. de Castro sa kanyang sanaysay na “Novelty Songs: Kulturang Popular...Bagong Mukha... Panakip sa Realidad ng Lipunan” (2006) na ang salitang ‘popular,’ sa kulturang popular, ay tumutukoy sa kung ano ang tinatanggap ng mayorya. Sinasabing ito ang kultura ng masa dahil, sa kaso ng Pilipinas, ang nakararami sa populasyon ay binubuo ng mga nasa mababang antas ng pamumuhay o mga mahihirap. Ngunit bukod pa dito, sinasabi rin ni de Castro na ang kulturang popular, partikular ang ‘pinoy pop culture,’ ay binubuo ng mga ‘hindi pangkaraniwan’ at ‘kakaibang’ mga elemento.

Ayon kay Storey (1997), may nasusukat na batayan (o kwantitatibong batayan) upang masabing pinapaboran ng maraming tao ang isang kulturang popular gaya ng kung gaano karami ang benta ng libro o album ng kanta. Ang novelty songs o mga album nito, bilang kulturang popular, ay masasabing “suki” o madalas gawaran ng “gold,” “platinum” at/o “double platinum” na tumutukoy sa dami ng nabentang kopya. Ilan na lamang sa babanggitin ay ang “Otso-Otso” na kinanta ni Bayani Agbayani at sinulat ni Lito Camo ang liriko, nagtamo ito ng estadong “platinum” (Panaligan, 2005); ang album naman ni Yoyoy Villame na “Tirana My Dear” ay naging “double platinum” at ang “MacArthur at Dagohoy” na album ay naging at “platinum” (Lucas, 1994). Ngunit kung aanalisahin pa ang pahayag ni de Castro (2006) na “ang mayorya sa Pilipinas...ay binubuo ng mga nasa mababang antas ng pamumuhay o mga mahihirap,” dahil bihira ang may pambili para sa di-pangunahing pangangailangan, hindi nangangahulugan na ang pagtangkilik ay laging nasa “literal at tuwirang pagbili” o yaong binibili muna ang isang produkto bago magamit o makonsumo, mayroon ding “di-literal at/o di-tuwirang na pagbili” gaya ng pagtangkilik—pakikinig man, panonood, palagiang pagkanta o madalas na pagsasayaw sa saliw ng novelty song.

Pagdating naman sa sinasabing ‘hindi pangkaraniwan’ at ‘kakaibang’ mga elemento na matatagpuan sa isang ‘pinoy pop culture,’ kahalintulad ito sa depinisyon ng diksyunaryo sa salitang ‘novelty’ na nabanggit na sa unahan. Bagamat di tiyak kung ano ang espesipikong “kakaibang” tinutukoy, nakikiisa rin ang pahayag ng mga talento ng novelty song ukol dito. Bilang payo ni Lito Camo sa mga nagnanais maging songwriter [kagaya niya], sinabi niya na “laging isiping gumawa ng tunog na kakaiba, this way, mapapansin ang talent mo” (Panaligan, 2005). Habang nagsasalaysay naman si Yoyoy Villame sa isang panayam, binanggit niya na bahagi ng kanyang karanasan ay “...minsang nagco-compose na rin ako habang nagdi-drive. Pag may nakita akong unique, ginagawan ko ng kanta” (Lucas, 1994). Batay sa piling pahayag, masasabing ang “kakaiba” sa novelty song ay maaring nasa tunog nito o sa liriko.

Ang novelty song ay inilarawan pa sa sanaysay ni de Castro (2006) bilang kanta na nakakapaghatid ng katuwaan; nakakapagdulot ng katanyagan, bagamat panandalian lamang, sa mga awtor o taga-kanta ng mga ito; sinasabing may dalang kabastusan, kung di man ay may ‘double meaning.’ Sabi pa sa sanaysay, “kapag bastos mas masaya”...magbibigay-daan ang mga bastos at may double meaning na liriko upang makapaghatid ng katuwaan ang novelty song sa mga tao. Sabi nga ni de Leon (2004), sa panahong mahirap ang buhay naghahanap ang tao ng mapagtatawanan. Kung noong bago mag-Martial Law (1972) nauuso ang mga bastos na kanta, ngayon na mas mahirap ang buhay (aspetong pinansyal) nauuso na naman ang novelty songs. Samantala, nagdudulot naman ng kasikatan ang novelty song sa mga lumilikha sa mga ito una, depende sa dami ng tumatangkilik at sumusuporta dito at ikalawa, sa dami ng kritiko nito na may kaugnayan sa ‘saya’ na nakukuha dito sa pamamagitan ng bastos at may double meaning na liriko.

Sa kabuuan, ang mga katangian ng novelty song na ibinigay ni de Castro ay bahagyang sumagot sa kung “ano” ang novelty song sa (1) tagapakinig, at sa (2) lumilikha nito na may kaugnayan sa kung anong nilalaman ng liriko nito. At para lagumin ang mga katangiang binanggit ni de Castro ukol sa kulturang popular at novelty song, masasabi na: ‘tinatangkilik ng nakararami sa populasyon, ang mga mahihirap, ang novelty song dahil sa kakaibang elemento at kabastusan at double meaning sa mga

liriko nito na nakapaghahatid ng katuwaan at nakapagbibigay din katanyagan partikular sa lumilikha nito.’

Kaugnay pa rin sa liriko ng novelty song, ayon sa obserbasyon ng mananaliksik (1) kadalasang gumagamit ito ng “taglish” o pinaghalong Tagalog (pangunahing basehan ng wikang Filipino) at English, pormal man o di pormal; at (2) batay sa napapanahong tao, bagay, lugar o pangyayari ang paghabi ng mga liriko nito kung hindi naman ay nakakapagbanggit sa pagitan ng mga salita sa liriko ng mga kahit anong napapanahon.

Isang halimbawa para pagbatayan ng obserbasyon ay ang kantang “Bakit Papa” ng grupong Sexbomb. Sa liriko (tignan ang kabuuan sa Annex A), ang mga katagang “labs na labs” (mahal na mahal), “feel ko” (pakiramdam ko) at iba pa ay tumutugon sa obserbasyong ‘paggamit ng taglish.’ Nabanggit din ang katagang “ka-text” na uso nang panukoy sa estado ng pagkakakilala o ugnayan ng dalawang tao (at “text” bilang usong anyo o format ng pakikipagtalastasan sa tulong ng cellphone) at “expedition” na tumutukoy sa isa sa pinakamagandang modelo ng sasakyang may tatak na Ford sa panahong ginawa ang liriko. Binanggit din ang “laban-laban o bawi-bawi” na tumutukoy sa sikat na gameshow sa pang-araw araw at pananghaliang variety show na “Eat Bulaga” sa panahong ginawa ang kanta—ang “Bakit Papa?”—na kung tutuusin ay pinagbatayan talaga sa pagbuo ng liriko. Ito ay nasabi sapagkat binaggit rin ang salitang “bosing” (tumutukoy kay Vic Sotto), at mga pangalang Anjo Yllana, Joey (de Leon), Jimmy (Santos), Kiko (Francis Magalona), at Allan K—mga noo’y aktibo nang host ng Eat Bulaga. Matututunan na nang mga panahong iyon ay tinatawag nang “bosing” si Vic Sotto at maaalalang ang yumao nang master rapper, Francis Magalona, ay naging bahagi ng “Eat Bulaga.”

Ang mga obserbasyon ay nakatuon sa liriko ng novelty song at mula dito mauunawaan din kung bakit ganon na lang din kabilis ang mayakap ng nakararami sa populasyon o mahihirap ang novelty song—ito ay dahil sa ang paggamit ng “taglish” at mga salitang ginagamit di lamang sa araw-araw kundi ang “napapanahon” ay mabisang pamamaraan upang makatulay agad ito sa antas ng kabatiran nila [hindi mahirap intindihin], o wika nga, ‘sa ganito “nakaka-relate” agad sila.’

Talahanayan 1. Buod ng Katangian ng Novelty Song

NOVELTY SONG	KATANGIAN
Diksyunaryo (Webster)	New or unusual [bago o kakaiba]
Sa konteksto ng kulturang popular (Rolando Tolentino)	Ginagawa para sa kita (bakit ginagawa) Ipinapalaganap sa pamamagitan ng teknolohiya (paano nakukuha) Nanggagaling mula sa sentro (saan nanggagaling) Popular, sumasaklaw sa pinakamaraming bilang ng mga tao (sinong tumatangkilik)
Sa konteksto ng kulturang popular, Pilipinas (Imelda de Castro)	Popular, tinatanggap ng mayorya [masa o mga mahihirap] May hindi pangkaraniwan, kakaibang elemento
Novelty song, Pilipinas (Imelda de Castro)	Nakakapaghatid ng katuwaan (sa mga tagapakinig) Nakakapagdulot ng katanyagan (sa mga gumagawa) May dalang kabastusan May double meaning (sa mga liriko, nilalaman)
Novelty song, Pilipinas, liriko (Pascua)	Kadalasang may “taglish” (wikang gamit) Batay sa napapanahong bagay o pangyayari (lirikong gamit)

Mula sa lahat ng nailahad na katangian, masasabi ng mananaliksik na “ang novelty song sa Pilipinas may tagapaglikha para sa motibo ng pagkita (paghahanap-buhay) at katanyagan at inilalako ito sa populasyon mula sa sentro sa pamamagitan ng iba’t ibang industriya/institusyon, kasama na ang paggamit ng teknolohiya, at tinatanggap/mabenta naman sa mga mahihirap dahil mabilis itong maintindihan at nakakapaghatid ng

katuwaan—katuwaang pansamantalang lunas sa kasulukuyang mahirap kalagayan.”

Mga Gamit ng Novelty Song sa Pilipinas

May ilan sa mga katangian ng novelty song ang makakategorya rin bilang “gamit” o “halaga/kahalagahan” ng novelty song, partikular sa buhay ng mga Filipino, kaya mas minarapat na unang talakayin ang mga “katangiang-gamit” ng novelty song. Ito ay ang: (1) novelty song bilang pinaggagalingan ng kita (2) novelty song bilang tagapaghatid ng katuwaan, at (3) novelty song bilang tagapagbigay katanyagan.

Novelty song bilang pinaggagalingan ng kabuhayan. Ang novelty song, mula sa konteksto ng kulturang popular sa kalahatan, ay ginagawa para sa kita. Ang pagkita ay may kinalaman sa mas malalim na dahilan—ang mabuhay—kaya ang tao ay nagbabanat ng buto at kumakayod. Ngunit paano masasabi na may pagkita sa novelty song? At sino-sino ito na mga kumikita at nabubuhay sa novelty song?

May pagkita kung siguradong may bumibili (may kalahok na pera) at komukonsumo ng produktong inilalako. Sa pinakasimpleng paraan na alam natin ay kapag tinatangkilik ng karamihan ng mga tao, pinapakinggan ng nakararami kumbaga sa novelty song. Ngunit nakikinig lang naman ang tao sa radyo o nanonood ng telebisyon, nasaan ang pagkita? Unahin natin ang industriya ng broadcasting, sinasabi nga na karamihan sa mga media sa Pilipinas ay dumedepende sa adbertismo para mabuhay (Enriquez, 1998). Sang-ayon din si Rivera (2004) sa pahayag na ito, una sa listahan ng mga nakakaimpluwensya sa media (at nilalaman nito) ay ang komersyo. Ang programang nakakakuha at nakakapagpanatili ng atensyon ng mga tao ay siyang pinapaboran ng mga kompanya ng iba’t ibang produkto. Samakatwid, nasa adbertismo ang pagkita ng mga radyong kinapapatugtugan ng mga novelty songs, na sinusundang pakinggan ng mga tao. Doon bumubuhos sa partikular na estasyon ng radyo ang adbertismo ng kung anu-anong produkto kung alam na maraming nakikinig doon. Pagkatapos mabayaran ang partikular na estasyon para sa adbertismo ng produkto, potensyal na pagkuhaan ng kita ng kung ano mang kompanyang komumisyon sa adbertismo ang

maraming taong nakapakinig ng adbertismo sa pagitan ng mga novelty songs na pinatugtog.

Naging karanasan na din ito ng isa sa mga estasyon ng radyo sa FM (frequency modulator), ang 90.7 Love Radio. Sa panayam ni Aseron (2007) sa kinatawan ng nasabing estasyon, Pangulo ng Manila Broadcasting Company (MBC) Ruperto Nicdao, Jr. at Station Manager na si Willie Espinosa ay inilahad kung paano ibinangon ang estasyon mula sa talunang posisyon nito sa tinatawag na “ratings game.” Nagsimula ang Love Radio bilang “English-language station” ngunit taong 1995 nang bumagsak ito sa ika-apat na pwesto sa “overall listeners’ survey” habang ang kinakailangan ay manatili sa “top three” para mapalakas ang kita, dahil doon lamang sa tatlo karaniwang namimili ang mga advertisers [ng paglalagakan ng adbertismo]. Dahil dito, kinailangang mag-reformat ng estasyon. Nabuo ang konsepto at linyang “Kailangan pa bang i-memorize yan?!” bilang pagkakakilanlan ng estasyon. Kaakibat sa linyang ito ay ang pagpapasok ng mga kontrobersyal na biro upang maalala ng mga tao ang estasyon. Ganito rin ang ginawa nilang format sa “sister station” ng Love Radio, ang Yes!FM, dahil sa garantisado ang mas magandang ratings dahil sa ang tinutumbok na tagapakinig ay bumubuo sa 80% ng populasyon at dahil sa mas magandang pagkakataon upang mapalaki ang kita ng estasyon. Pagdating naman sa mga komento ng ilan tungkol sa pagpapatugtog ng estasyon sa mga novelty songs na may double meaning na liriko, sinabi naman ni Espinosa na ang kompetisyon ang naglagay sa novelty songs sa playlist at tinatangkilik ng karamihan ng mga tagapakinig. Kung aalisin ang mga ito ay para na ring pag-atras sa kompetisyon (Aseron, 2007).

Isa pa sa kumikita at nabubuhay sa novelty song ay ang mga nasa industriya ng musika at showbiz, pangunahin ang mga kompositor at mang-aawit nito. Batay sa dami ng taong bumili ng partikular na album ng novelty songs sa record bars ang kanilang pagkita. May mga pamamaraan at kaayusan sa pagitan ng mga recording companies at mga talento kung paano nahahati-hati sa kanila ang mga kinita mula sa benta. Masasabi ring ang pamahalaang Pilipinas ay nakakakuha ng kita mula sa mga kompanya, institusyon, o indibidwal na may kinita sa pamamagitan ng novelty songs sa pamamagitan ng pagbubuwis.

Novelty song bilang tagapaghatid ng kasiyahan. Gaya nga ng nabanggit na sa unahan ng papel, “maginhawang aliw” ang nakukuha natin mula sa novelty songs. At isa sa kahayagan o manipestasyon na nagiginhawahan, naaliw, nasisiyahan, o nalilibang ang isang tao ay ang kanyang pagtawa. Lalo sa mga Pilipinas, napakadaling maobserbahan kung natutuwa ba ang isang Pinoy. Sinasabi na napakadaling patawanin ng mga Filipino sa dagling paghahalo-halo ng mga elemento ng trahedyang at komedya sa pagtingin at pagsasabuhay sa mga karanasan, personal man o panlipunan (Reyes, 2000). Ang eksaherasyon sa mga bagay-bagay ay paraan din para tayo ay matawa. Ngunit kung mabilis tayong patawanin, magaling din tayong magpatawa. Sinasabi rin na ang mga Filipino ay hindi nauubusan ng mga biro (Sarmiento, 1988). Samakatwid, ang konsepto ng pagtawa at pagpapatawa ay malaganap sa ating lipunan at isa na ngang behikulo para sa ating pagtawa at pagpapatawa ay ang novelty songs (at gayundin ang paglikha ng novelty songs ay mabilis dahil sa magaling magpatawa ang Pinoy). Dahil sa kulturang popular, ang estilo, itsura, at biro ay higit na nangingibabaw kaysa sa nilalaman o kahulugan; ang kontemporaryong musika naman ay nakatuon sa timbre at konotasyon (Strinati, 1995). Bagay ito na sumasang-ayon sa tinalakay na rin sa unahan ng papel na double meaning, sa novelty song, na nakapagbibigay ng katuwaan sa mga tagapakinig nito.

Novelty song bilang tagapagbigay ng kasikatan sa tao. Nabanggit na sa unahan ng papel ang kaugnay na konsepto ng katanyagan—ang popular na pagtangkilik sa novelty song, ang kinikita sa novelty song, maging ang kritisismong ibinabato sa novelty song. Masasabing may katanyagan ang isang tao kung may alinman sa mga ito. Ngunit para lalong mabigyang-diin ang gamit ng novelty song na ito, minabuting balikan at suriin ang kwento ng buhay ng ilan sa mga taong sumikat dahil sa novelty song.

Si Lito Camo, ngayo’y kilalang tagapaglikha ng sikat na novelty songs (nabanggit na ang marami sa kanyang mga gawa sa unahan), bago ang pagpasok sa industriya ng musika at showbiz, ay isang private driver na nagtapos ng diesel mechanics sa Maynila. Sa kanyang karanasan, maliit ang pagkakataon para sa kanya na makapag-aral ng kolehiyo pagkatapos ng high school kaya naman nakipagsapalaran siya sa Maynila (galing Mindoro)

sa tulong ng isang kamag-anak para magtrabaho bilang houseboy at driver habang nag-aaral ng diesel mechanics (Ramos, 2005). Hanggang madiskubre siya at nang nasa industriya ng musika na siya, ang kanyang album (pinamagatang “Sino Camo?”) ay naging “gold record” na mayroong tatlong hit singles, samantala ang kanyang nilikhang novelty song na “Otso-Otso” ay apat na ulit naging “platinum”—ilan sa kahayagan ng pagtangkilik ng mga tao. Taong 2005 (mula sa pagsisimula niya bilang recording artist noong 1997) mayroon na siyang mga sasakyan, mayroon din siyang “royalties” na nakukuha mula sa sumikat niyang mga novelty songs na nakatulong naman upang makapagpatayo siya ng bagong bahay—ilan naman sa kahayagan ng pagkita ni Camo. Bukod dito, marami ding pumupuna sa kanyang gawa (halimbawa, ang Spaghetti Song) na may sekswal na konotasyon bukod pa sa lait tungkol sa kanya mismo na hindi siya marunong magbasa ng notasyong musikal (Panaligan, 2005).

Bago si Lito Camo ay si Yoyoy Villame muna. Nagtapos ng Auto Mechanic course si Villame sa Bohol at napuntang Maynila bilang sundalo ng Philippine Army sa kasagsagan ng HUKBALAHAP (Huk) noong 1952. Pagkasuko ng mga Huk, hiniling na niyang lumabas sa serbisyo at naging isang jeepney driver sa bahaging Pasay-Maynila sa loob ng 10 taon. Sumasali rin siya sa mga amateur singing contest sa Plaza Miranda nang mga panahong iyon. Pagkatapos ng 10 taon sa Maynila ay bumalik siyang Bohol at pinagpatuloy ang pagiging driver, sa pagkakataong ito, ng bus naman. Sa patuloy niyang pagkanta ay nadiskubre siya at unang naging kanta niya ay ang “Magellan” na hindi akalaing aabot ang kasikatan mula Bohol papuntang Maynila. Ginamit din ang novelty song na ito sa isang sitcom sa telebisyon. Pagbalik ni Villame sa Maynila ay isa na siyang artista sa pelikula at telebisyon sa tulong ni Chikito, isang artistang komedyante. Sa tulong din ng novelty song ay naging konsehal siya ng Las Pinas. Ilan sa album niya gaya ng “Tirana My Dear” ay naging “double platinum” at “MacArthur at Dagohoy” ay naging “platinum.” At gaya din ni Camo, hindi rin siya marunong bumasa ng notasyong musikal. May pagkakataon naman na si Villame at ang kanyang novelty song na “Buchikik” ay natuligsa ng komunidad Tsino sa Bohol at isinusulong na mapatanggal ang kantang ito sa mga jukebox playlist sa pag-aakalang nababastos nito ang wikang Tsino. Gayunpaman, napatunayang wala ni isa

man sa binigkas sa Buchikik ay salitang Tsino (Lucas, 1994).

Ngunit bukod pa sa naunang tatlong gamit ng novelty song, may maidaragdag pa dito. Ayon kay John Enrico C. Torralba sa kanyang artikulong “Videoke at Tiis: Kulturang Popular bilang Anestisya sa Krisis” (2006), ang pagkanta sa kalahatan ay ginagamit (1) upang maging maayos at mabilis ang ginagawa/tagapagpanatili ng kaayusan sa isang komunidad, (2) upang gunitain [ng mga kumakanta] ang kanilang identidad/pagbuklurin ng pagkakaibigan, (3) upang matandaan ang maraming ideya at impormasyon; at ang kulturang popular naman ay ginagamit (4) upang maging anestisya sa krisis. Samakatwid, para sa kanya ang pagkanta ay may “fanksyon” para sa komunidad. Ang novelty song ay isang awit na kinakanta, at muli, ito’y pinapaalala na kategorisado bilang kulturang popular. Magkagayon, ang mga nabanggit na gamit ng pagkanta at kulturang popular sa artikulo ni Torralba ay maari ring mahanap sa isang novelty song.

Novelty song bilang tagapagpanatili ng kaayusan at pagtutulungan. Una nating suriin ang gamit ng novelty song upang maging maayos at mabilis ang mga gawain at mapanatili ang kaayusan. Ayon kay Torralba (2006), kung sa pagtatanim na lang, gawaing masusumpungan pa rin sa malaking bahagi ng bansa sa kasalukuyan, karaniwang isa o ilan sa mga nagtatanim ay magsisimula ng isang awit na alam ng lahat at susundan naman ng iba pa nilang kasama. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng ritmo ang pagtatrabaho, isang bagay na mahalaga upang maging maayos at mabilis ang ginagawa. Sinasang-ayunan din ito ni Sarmiento (1988) na kostumbreng Filipino ang pagkanta para ipakita ang diwa ng pagtutulungan (o pagkakaisa).

Maaring hindi madaling unawain lalo kung tinitignan natin ang pangyayari na basta na lang kumukusa o natatamo ang isang bagay na walang espisipikong intensyon o motibo para maganap. Gaya na lang ng “dancing inmates” na sumikat sa pamamagitan ng media dahil sa lahatang pagsasayaw sa saliw ng mga maiindak na kanta gaya ng “Thriller” ni Michael Jackson, “Nobody” ng Wonder Girls, gayundin ng novelty song na “Dayang-Dayang” (Ubalde, 2007). Bagamat nangingibabaw ang aliw sa magkabilang panig—sa sumasayaw at sa nanonood—masasabi rin na nakapagdudulot ito ng disiplina ng katawan ng mga preso dahil isang anyo ito ng ehersisyo na bahagi ng programa habang nasa loob ng

bilangguan—ang Cebu Provincial Detention and Rehabilitation Center o CPDRC (Seno, 2008). Bukod rito, kaayusan naman ang naidudulot ng kanilang pagsasayaw sa institusyong kumakanlong sa kanila. Maaring ipagpalagay na bihira na riot sa loob ng CPDRC dahil sa nakukuha nilang magsasama-sama at magsayaw ng sabay-sabay, indikasyon ng pagkakasundo ng isa't isa.

Novelty song bilang tulong sa kalusugan. Maidudugtong din na halaga o gamit ng novelty song sa kaayusan at pagtutulungan, sa pamamagitan ng pagsayaw sa saliw nito, ay ang pagpapalusog nito sa ating katawan. Mabuting anyo ito [ang pagsasayaw ng novelty song] ng ehersisyo para sa mga bata na pinagagalaw ang mga bisig at binabaluktot ang mga tuhod, pahayag mismo mula sa tagapangulo ng ahensya ng gobyerno, ang Movie and Television Review and Classification Board o MTRCB (Cruz, 2003). Nagiging natural na lamang sa mga bata ang paggalaw at paglalaro di man nila intindihin ang halaga ng ehersisyo.

Dahil ditto, mahalaga ring alamin bakit mabenta ito sa mga bata? May ugnayan na interesanteng pansinin sa pagitan ng laro at mga novelty songs: (1) ang mga novelty songs ay maaring magsimula sa laro ng mga bata, gaya halimbawa ng kantang Pamela Wan at Bulaklak, at (2) ang laro ng mga bata ay maari ring magsimula sa novelty songs. Ang patintero sa pagitan ng konsepto ng laro at ng novelty song ay masasabing isang proseso na nakaigi sa aspetong pangkalusugan ng mga bata habang naglilibang. Ngunit hindi rin dapat makalimutan na hindi lang kabataan ang maaring malibang at maging malusog dahil sa prosesong ito. Maging ang mga matatanda ay maaring humaba ang buhay dahil sa pagtawa habang pinapanood nila ang mga bata sa pagsayaw, gayundin kung di man nila kaya nang sumayaw ay inuunat nila ang kanilang mga bisig upang pumalakpak para sa mga bata.

Novelty song bilang pansamantalang lunas sa kahirapan. Isa pa sa ikinonsiderang gamit ng novelty song, mula sa pagtalakay na ginawa ni Torralba (2006) ng kulturang popular sa kanyang artikulo, ay ang pagiging anestisya nito sa krisis. Totoo na ang novelty song ay sumasalamin sa pang-araw-araw na pamumuhay ng karaniwang Filipino. Ito ay pagkukwento, sa pamamagitan ng musika, ng totoong kwento ng buhay. Ngunit gaya nga ng nabanggit na sa itaas, nakukuha nating tawanan ang mga detalyeng nakapaloob dito dahil sa eksaherasyon na isang paraan

din ng pagkukubli o kung di man ay pagpapatay-malisya (deadma) na lang sa pangyayari. Magkagayon, ang eksaherasyon ay isang pamamaraan upang maging anestisya o pansamantalang lunas ang novelty song sa iba't ibang uri ng suliranin o kahirapan. Iba pang anyo nito ay ang double meaning, bastos na nilalaman ng liriko, at biro. Sabi nga, may katotohanan sa mga biro bagamat hindi buong katotohanan.

Sa kasalukuyan ang kalagayan ng bansang Pilipinas, sa kabuuan, ay mahirap. Marami ang hindi kumakain, walang trabahong mapasukan at talamak ang krimen sa kapaligiran. Pati ang mga pulitiko, na may kakayahan na baguhin ang sistema, ang siya pang nahahayag sa pangungurakot. Sa kabilang banda, ang anestisyang tinataglay ng novelty song ay maski paano nakatutulong upang maging positibo sa pagharap sa mahirap na buhay ang mga tao, kundi man tawanan ang problema. Ang pansamantalang lunas na taglay ng novelty song ay pinapahalagahan ang karakter ng mga Filipino bilang matiisin at matiyaga sa kabila ng suliranin at matagalan pa ang hirap na dinadanas.

Novelty song bilang pinaggagalingan/tagapagsalin ng kaalaman. Ayon nga kay Torralba (2006), nakatutulong ang pagkanta upang matandaan ang maraming ideya at impormasyon. Aniya pa, kung sa sinaunang komunidad inaawit ng mga nakatatanda ilang bahagi ng kwento o epiko na naglalaman ng kanilang kasaysayan, tradisyon o kaugalian upang magsalin ng kaalaman sa nakababata. Sa panahon ngayon paano may ganito pa rin kayang gamit ang kanta, partikular ang novelty song?

Maaring sa dimensyong politikal maisasagot nating “oo” kaagad, nakakatulong ang novelty song sa pagsasalin ng kaalaman. Mabilis na sumasalin sa kaisipan ng mga mamamayan, botante man o hindi, ang pangalan ng kandidato maging ang ilang detalyeng patungkol sa personalidad sa oras na mapakinggan ang political ad (karaniwa’y lapat ang tunog sa novelty song) at nagtatapos sila sa pagsasaulo ng campaign jingle (Rivera, 2004) kahit kadalasa’y hindi naman intensyonal—LSS o “last song syndrome” kung tawagin naman ng iba. Isang halimbawa ng pagiging epektibo ng novelty song sa larangan ng politika ay ang karanasan mismo ni Yoyoy Villame. Naging konsehal siya ng Las Pinas (eleksiyong 1993) nang di inaasahan. Sa una’y naanyayahan si Villame na maging entertainer sa kampanya hanggang sa may

isang miyembro ng partido ang umatras sa laban at siya ang naipalit. Bilang nakagugulat na resulta, siya pa at siya lang ang nanalo sa kanilang partido (Lucas, 1994). Kung pagbabatayan ang sigla at elementong nakakatawa sa novelty song, masasabi ngang akma ito sa pangangampanya para maalala ng mga tao ang kandidato. Nagpatuloy pa ang ganitong kalakaran ng pagkuha ng mga entertainer, partikular ng mga artistang kumakanta ng novelty songs, tuwing panahon ng kampanya sa mga sumunod pang mga malawakang kampanya.

Samantala, bukod sa pagsasalin, pinanggagalingan din ng kaalaman ang novelty song, partikular ng mga impormasyong makakatulong sa pagbuo ng kasaysayan. Gaya sa ginawang pag-aanalisa sa liriko ng novelty song sa unahan ng papel ("Bakit Papa?"), maari ring panggalingan ito ng mga ideya kung kailan at/o saan nagsimula o nauso ang mga bagay, konsepto, o termino; kailan at/o umiral ang mga tao o ang ibang bagay na may buhay; maging kung kailan at/o saan ang isang pangyayari maging ang takbo ng pamumuhay sa partikular na lipunan, aspetong politikal man, ekonomikal, o sosyo-kultural. Hindi man laging eksaktong impormasyon ang maaring ibigay ng liriko ng impormasyon, dahil nga sa may bahagi itong totoo at bahaging biro, ngunit dahil nakasisiguro tayong batay ang novelty song sa kahit anong napapanahon nang iyon ay ginawa, kung gagamitin nating instrumento para sa pagpapatunay (validation) ng isang historikal na impormasyon ang novelty song, mas malaki ang porsyento na hindi tayo mahulog sa anakronismo o maling paglulugar ng tao, pangyayari, bagay, at iba pa sa isang panahon.

Novelty song bilang tagapagbuklod ng sangka-Filipinuhan. Ayon pa rin kay Torralba (2006), sa pagkanta nakukuhang gumunita ng identidad at magbuklod ng mga magkakaibigan o pagkakaibigan. Bilang halimbawa niya, sa sinaunang komunidad inaawit ng mga nakatatanda ilang bahagi ng kwento o epiko na naglalaman ng kanilang kasaysayan, tradisyon o kaugalian upang magsalin ng kaalaman sa nakababata at maaliw, paraan din nila ito upang gunitain ang kanilang identidad. Dagdag pa, isa ring uri ng sosyalisasyon ang pagkanta sa paraang may mga grupong nagkukwentuhan, nagbibidahan, nagsasabihan ng problem o simpleng nagbibiruan habang ginagawa ito.

Tunay nga na kapag karaniwang araw, makakakita tayo ng

mga pamilya o magbabarkada sa bahay, magkakaopisina, mga estudyante, driver, o tambay sa karinderya at iba pa na nakikikanta o nakikitawa sa harap ng telebisyon habang nanonood ng palabas na may novelty song. Nasa anyo ito ng pamsamantalang pagkakabuklod ng mga magkakakilala at di magkakakilala, nasa pareho o magkakaiba mang lugar, basta may partikular na pinagsasaluhan, may parehong damdamin, parehong nalalaman. Ngunit higit dito naniniwala ang pananaliksik na ang pagkanta, lalo na ng novelty song, ay lumalagpas pa sa konsepto ng sambayanan o pamilya, komunidad o baranggay, o bayan o lalawigan. Batay sa mga tumatangkilik dito, ito ay masasabing pansambayanan. At ang sambayanan natin ay hindi lang nakakulong sa heograpiya ng Pilipinas, bagkus sa buong mundo kung saan may Filipinong nakakaunawa at tumatangkilik kaya minarapat tawagin itong “sangka-Filipinuhan.” Gaya na ng alam natin, sa tulong ng teknolohiya at mga mahahalagang institusyon, gaya halimbawa ng “The Filipino Channel” (na nag-ere ng programang may palagian novelty song na pinatutugtog gaya ng “Wowowee”) at “GMA Pinoy TV” (“Eat Bulaga”) napagsasaluhan ng bawat Filipino sa mundo ang novelty song.

At kung may pamsamantalang pagkakabuklod, mayroon ding masasabing pangmatagalang pagkakabuklod na nakukuha mula sa novelty song—ito ay ang pagkakabuklod batay sa wika (maging termino o idyoma, biro, double meaning, at iba pa na agad pareparehong naiintindihan), kasaysayan (nakapalaman sa mga liriko o balitang napag-uusapan sa programang may novelty song), katangian (halimbawa, masayahin)—na siyang paghuhugutan ng ating pagkakakilanlan bilang Filipino.

Buod at Kongklusyon

Ang musika ay isang sining na karaniwan nang bahagi ng buhay ng mga Filipino. May iba’t ibang uri ng musika mang umiiral sa bawat panahon, napananaigan man ang ating musika ng mga impluwensya mula sa labas ng bayan sa madalas na pagkakataon dahil na rin sa proseso ng kolonisasyon, ang mahalagang tanong ngayon ay paano ang naging tugon ng mga Filipino sa kolonisasyon? Kadalasan napagkakamalan tayong walang sariling kultura, walang sariling musika dahil sa mga impluwensya. Totoo

na pagdating sa kultura hindi madaling isa-isahing pulutin ang hibla ng ating pagkakakilanlan sa karagatan ng mga impluwensya, gayunpaman, ang paglayang politikal ay sinikap ding masabayan ng paglayang kultural, isang paraan ay ang muling pagbabalik at pagpapalakas ng Filipino ng identidad sa musika.

Kaya naman, ang kontemporaryong panahon sa Pilipinas o ang panahon matapos ang kolonisasyon ay isang panahong interesante sapagkat ito ang panahon kung saan makikita kung ang Filipino ba ay magpapabaya sa pagpasok ng impluwensya o magsisikap upang bakahin ang hamon ng impluwensya? Batay sa kasaysayan, naging “Filipinized” nga ang mga musikang popular matapos ang kolonisasyon (CCP, 1994). Ang novelty song man ay masasabing isang banyagang konsepto pagpasok nito sa Pilipinas ngunit may pag-aangkop tayong ginawa. At ang pag-aangkop na ito ang naging susi kung bakit ang novelty song ng Pilipinas ay higit nang naging “Filipino” sa ngayon kaysa sa una nitong kalagayan pagpasok sa bansa. Mahalaga ring balikan ang obserbasyong hindi tayo nakadepende sa pag-unlad ng novelty song sa labas ng bansa. Kumpara sa pinoy rock na may “Elvis Presley of the Philippines” (Eddie Guttierrez/ Ed de Mesa), ang hari ng novelty song sa Pilipinas na si Yoyoy Villame ay walang taguri na pagtutulad sa artistang banyaga. Isang kahayagan ito ng independienteng pag-unlad ng ating novelty song mula sa novelty song ng ibang bansa kaya naman napakamainam na kumatawan ang novelty song bilang musika o kanta ng ating kontemporaryong panahon bukod pa sa nabanggit na katangian at gamit nito sa lipunang Filipino (na siya ring batayan ng pagbibigay ng kahulugan o pagpapakilala kung anong klase ang novelty song sa Pilipinas).

Maraming salik ang nagsama-sama upang ang novelty song ay maging isang makabuluhang kanta sa kontemporaryong panahon. Ang kontemporaryong panahon ay panahon nga ng paglaya, panahon ng globalisasyon at kaabalahan, bagamat panahon din ng pagbangon ng kahirapan. Dahil dito, ayon na rin kay Reyes (2000), nais ng mga Filipino ang magpahinga (sa dami ng ginagawa at/o lumiban man lang sa kahirapan kahit pansamantala—isang uri ng paglaya) at maglibang (gagawin para makuha ang pahinga o paglaya). Naging mabisa sa krusyal na panahong ito ang likas na talent ng mga Filipino sa pagpapatawa katambal ng pagiging madali (hindi mahirap) ng istruktura ng liriko ng isang novelty song para

intindihin ng mga taong gusto ng pahinga, paglilibang at paglaya. Masasabing isa ring konsepto ng paglaya, partikular sa kahirapan, ang paglikha sa produkto ng kulturang popular, halimbawa ang novelty song, para sa motibo ng pagkita (paghahanap-buhay). Ang pangunahing nabubuhay dito ay ang mga industriyang Filipino, gayundin ang pamahalaang Filipino.

Dahil sa mabuting idinudulot sa siklo ng aspetong politiko-ekonomikal ng ikinikilos ng mamamayan, ang mamamayan at kulturang Filipino ay unti-unti na ring natatamo ang paglayang kultural. Bumabalik ang pabor sa kultura dahil nananauli ang pagtangkilik sa mang-aawit at artistang Filipino maging sa ating sariling wika at kamalayan sa kasaysayan. Sa prosesong ito, unti-unti ring naliliwanagan ang ating konsepto ng identidad at komunidad. Kung babalikan natin ang mga nabanggit na programang palagiang nagpapatugtog ng novelty song, makikitang nagkaroon/ nagkakaroon din ng iba pang papel sa komunidad ang mga programang ito. Sa popular na pagtangkilik ng mamamayan (sa tulong na rin ng novelty song at gamit nito sa buhay ng tao), ang mga programa ay madali na lang maging tulay sa pagbabago (isa pang uri ng paglaya) sa pamamagitan ng paghingi ng tulong— nasa anyo ng katahimikan/ pananalangin (kapag may malaking trahedyang sinapit ang bansa), donasyon (sa mga pagpapagamot, pagpapaaral, pagtatayo ng paaralan, paglingap ng nasalanta), pakikipagkaisa sa kalinisan (pag-iipon ng mga plastic para makagawa ng upuang pampaaralan) at iba pa. Dito lumulutang ang iba pang mabubuting identidad ng Filipino, gaya na lang ng bayanihan, gayundin ang konsepto ng komunidad na makikita batay sa dami ng bilang ng tumugong Filipino sa, at tagumpay ng bawat panawagan para sa ikauunlad ng Pilipinas.

PILING SANGGUNIAN

Aklat:

- Besa, Delia Gamboa. "Contemporary Philippine Music." In Contemporary Philippine Culture: Selected Papers on Arts and Education. Manila: Japan Foundation, 1998.
- CCP Encyclopedia of Philippine Art Volume 6: Philippine Music. Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994.
- Enriquez, Elizabeth L. "Philippine Mass Media Towards the Close of the 20th Century." In Contemporary Philippine Culture: Selected Papers on Arts and Education. Manila: Japan Foundation, 1998.
- Foronda, Marcelino. *Cultural Life in the Philippines during the Japanese Occupation: 1942-1945*. Manila: Philippine National Historical Society, 1975.
- Japitana, Norma. *The Superstars of Pop*. Mandaluyong, Metro Manila: Makati Trade Times, 1992.
- Lumbera, Bienvenido. *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema and Popular Culture*. Index Press, 1984.
- Merriam-Webster Collegiate Dictionary (10th Edition). Springfield Massachusetts: USA, 1995.
- Reyes, Soledad (ed.). *Aliw: Selected Essays on Popular Culture*. Manila: De La Salle University Press, 2000.
- Rivera, Augusto Jr. *Sexuality and TV: Enlightening the Practitioner and the Viewer*. Probe Media Foundation, Inc., 2004.
- Storey, J. *An Introduction to Cultural Theory and Popular Culture*. London: Prentice Hall, 1997.
- Strinati, Dominic. *An Introduction to Theories of Popular Culture*. London: Routledge, 1995.
- Tolentino, R. *Sa Loob at Labas ng Mall Kong Sawi Kaliluha'y Siyang Naghahari: Ang Pagkatuto at Pagtatanghal ng Kulturang Popular*. Quezon City: University of the Philippines Press. 2001.
- Totanes, Henry S. *Kasaysayan: the Story of the Filipino People. A Timeline of Philippine History*, vol. 10. Asia Publishing Co. Ltd., 1998.

Journal:

- Aseron, Marinela M., "Kailangan Pa Bang I-Memorize Yan?!: Media Freedom, The Ratings Game, and "Masa" Programming on FM," *Plaridel* (Vol.4, No.1, February 2007), 143-150.
- De Castro, Imelda P., "Novelty Songs: Kulturang Popular...Bagong Mukha... Panakip sa Realidad ng Lipunan," *Unitas*, UST Publishing House (Vol. 79, No. 4, December 2006), 729-750.

Torralba, J. E., "Videoke at Tiis: Kulturang Popular bilang Anestisya sa Krisis," *Malay* (Agosto 2006), 123-135.

Pahayagan:

Cruz, Marinel R., "*Spaghetti Good for Kids*," *Philippine Daily Inquirer* (July 18, 2003): C1.

Jorge, Rome, "Pop Culture Icon Dies," *Manila Times* (May 19, 2007): C2.

Lucas, Cora N., "Yoyoy Villame: A Lasting Novelty," *Manila Times*, (August 13, 1994): B10.

Panaligan, Jojo P., "Lito Camo: Stories in Novelty," *Manila Bulletin*, (Vol.388 No.19 April 19, 2005): D1.

Ramos, Ethelwolda A., "*RP's King of Novelty Song*," *Malaya*, (Vol.XXIV No.92 April 30, 2005): 15.

Magazine:

Sarmiento, C.A., "Making Our Own Music, Singing Our Own Songs," *Philippine Panorama* (March 27, 1988): 12-13.

Internet:

De Leon, Ed. "Nauuso lang ang bastos na kanta kapag taghirap ang buhay!" April 24, 2004.

Available from <http://www.philstar.com/ArticlePrinterFriendly.aspx?articleId=247365>. Accessed February 20, 2010.

Seno, Alexandra. "Dance is part of rehabilitation at Philippine prison." January 15, 2008. Available from <http://www.nytimes.com/2008/01/15/world/asia/15iht-inmates.1.9223130.html?pagewanted=2&r=1>. Accessed February 20, 2010.

Ubalde, Mark J. "Cebu inmates take to dancing as exercise," July 25, 2007. Available from <http://www.gmanews.tv/story/52746/Cebu-inmates-take-to-dancing-as-exercise>. Accessed February 20, 2010.